HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

حِصْنُ الطِّفْلِ المُسْلِمِ

Kutang-Tanggulan ng Batang Muslim



"Piling panalangin at adhkar, tinipon mula sa Hisn At-Tifl al-Muslim at Tagalog na salin ng Hisn al-Muslim"

حِصْنُ الطِّفْلِ المُسْلِم

Kutang-Tanggulan ng Batang Muslim

"Piling panalangin at adhkar, tinipon mula sa Hisnu at-Tifl al-Muslim at Tagalog na salin ng Hisnul Muslim"

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغبيين



SA NGALAN NG ALLAH, ANG MAHABAGIN, ANG MAAWAIN



Mga Nilalaman:

Paunang salita.....6
Simpleng gabay sa Arabic transliteration 7
Panalangin sa panahon ng pagkagising 8
Paggunita sa umaga 9
Proteksyon sa sarili (Al-Mu'awwidhat) 10-12
Proteksyon sa sarili (Ayatul Kursiy) 13
Panalangin bago pumasok sa palikuran 14
Panalangin pagkatapos gamitin ang palikuran.....15
Panalangin bago magsagawa ng ablusyon.....16
Panalangin pagkatapos magsagawa ng ablusyon.....16
Mga Adhkar pagkatapos ng Salah (Pagdarasal).....17
Panalangin kapag maghuhubad ng damit 18
Panalangin pagkasuot ng damit.....18
Panalangin bago kumain.....19
Panalangin pagkatapos kumain.....19
Panalangin kapag aalis ng bahay.....20
Panalangin kapag sasakay ng sasakyan.....21
Kapag narinig ang mu'adhdhin (nag-aadhan).....22
Panalangin pagkatapos ng Adhan.....23
Panalangin kapag papasok sa masjid.....24
Panalangin kapag lalabas ng masjid.....24
Panalangin kapag papasok o dadaan sa mga tao.....25
Panalangin kapag bibisita sa may sakit.....26
Kapag nakaramdam ng sakit sa katawan.....27
Kapag may bumahing.....28



Mga Nilalaman:

Kaffaratul Majlis 29
Kapag nakaramdam ng takot o pagkagulat.....30
Panalangin sa pagpasok sa palengke.....31
Kapag nakakita ng isang tinamaan ng pagsubok.....32
Kapag may dumating na masayang pangyayari.....33
Kapag may dumating na hindi magandang pangyayari.....34
Panalangin para sa gumawa ng kabutihan sa iyo.....35
Panalangin kapag may nawala.....36
Panalangin kapag nahirapan sa isang pangyayari.....37
Panalangin sa paglalakbay.....38
Panalangin sa pagbalik mula sa paglalakbay.....39
Panalangin kapag nakakita ng bagong buwan 40
Panalangin kapag nakarinig ng kulog.....41
Panalangin kapag umuulan.....42
Panalangin pagkatapos ng ulan.....42
Panalangin kapag nakarinig ng tilaok ng manok.....43
Panalangin kapag nakarinig ng aso o asno.....44
Panalangin kapag papasok sa bahay.....45
Paggunita sa hapon.....46
Kapag naghikab.....47
Panalangin bago matulog.....48
Panalangin.....49
Mga pinagkunan.....50

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION

PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah Subhanahu wa Ta'ala, ang Panginoon ng lahat ng nilalang. At Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa ating Propeta Muhammad ﷺ, at sa kanyang pamilya at lahat ng kanyang mga kasamahan.

Ang maliit na aklat na ito na pinamagatang "Kutang Tanggulan ng Batang Muslim" ay ginawa para tulungan ang mga bata na matutunan at maisabuhay ang mga panalangin at adhkār mula sa Qur'an at Sunnah.

Ang mga nilalaman nito ay kinuha mula sa aklat na "HisnutTifl al-Muslim (حصن الطفل المسلم) " at sa salin sa Tagalog ng "Hisnul Muslim". Pinagsama at inayos ang mga ito upang mas madaling maintindihan ng mga batang Pilipino at maging gabay din ng kanilang mga magulang.

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION

Layunin ng aklat na ito na maging parang kuta at tanggulan ng mga bata laban sa masasamang bagay, at maging paalala upang lagi silang magtiwala, magpasalamat, at magdasal kay Allah Subhanahu wa Ta'ala sa bawat araw.

Nawa'y bigyan ni Allah ng kabutihan at benepisyo ang bawat batang magbabasa at mag-aaral mula sa aklat na ito.

Simpleng Gabay para sa Arabic Transliteration:

Patinig (Vowels)

a (maikli), ā (mahaba) (ا)
u (maikli), ū (mahaba) (و)
i (maikli), ī (mahaba) (ي)

Katinig (Consonants)

ب	b
ت	t
ث	th
ج	j

ح	ḥ
خ	kh
د	d
ذ	dh

ر	r
ز	z
س	s
ش	sh

ص	ṣ
ض	ḍ
ط	ṭ
ظ	ẓ

ع	‘
غ	gh
ف	f
ك	k

ل	l
م	m
ن	n
ه	h

ء	‘

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالفلبين

1.Panalangin sa panahon ng pagkagising



(الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَحْيَانَا بَعْدَمَا
أَمَاتَنَا وَإِلَيْهِ النُّشُورِ)

Al-ḥamdu lillāhi alladhī aḥyānā baʿdamā amātanā wa ilayhi n-nushūr.

"Ang lahat ng papuri ay para sa Allah na Siya ang nagbigay sa atin ng buhay pagkatapos (Niyang) kunin sa atin at sa Kanya ang pagkabuhay na muli."

2.Paggunita sa umaga.

(اللَّهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا، وَبِكَ أَمْسَيْنَا، وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوْتُ وَإِلَيْكَ النُّشُوْرُ)

Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa bika amsaynā, wa bika naḥyā, wa bika namūtū wa ilayka n-nushūr.





Ya Allah, dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga at mula sa Iyong kapahintulutan ay narating namin ang gabi at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mamamatay at sa Iyo ang aming pagkabuhay ng muli.



3.Proteksyon sa sarili.
“Al Mu’awwidhat”

Basahin nang tatlong beses.



بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾

وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ﴿٤﴾

Bismillāhi r-raḥmāni r-raḥīm.
Qul huwa Allāhu aḥad. Allāhuṣ-ṣamad. Lam yalid wa lam yūlad. Wa lam yakun lahu kufuwan aḥad.

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain. Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagka-anak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad."



3.Proteksyon sa sarili.
“Al Mu’awwidhat”



Basahin nang tatlong beses.

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ﴿١﴾ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾ وَمِن شَرِّ
غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٣﴾ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ﴿٤﴾
وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ﴿٥﴾

Bismillāhi r-raḥmāni r-raḥīm.
Qul aʿūdhu birabbil-falaq. Min sharri mā khalaq. Wa min sharri ghāsiqin idhā waqab. Wa min sharri an-naffāthāti fi-l-ʿuqad. Wa min sharri ḥāsidin idhā ḥasad.

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang- liwayway. Laban sa kasamaan ng mga nilikhang bagay. Laban sa kasamaan ng kadiliman kung ito ay laganap. Laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa (ng karunungang itim). At laban sa kasamaan ng mga mainggitin kapag siya ay naninibugho."



3.Proteksyon sa sarili. “Al Mu’awwidhat”



Basahin nang tatlong beses.

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ﴿١﴾ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ﴿٢﴾ إِلَٰهِ
ٱلنَّاسِ ﴿٣﴾ مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ﴿٤﴾ ٱلَّذِى
يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ﴿٥﴾
مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ﴿٦﴾

Bismillāhi r-raḥmāni r-raḥīm.
Qul aʿūdhu birabbin-nās. Malikin-nās. Ilāhin-nās. Min sharril-waswāsil-khannās. Alladhī yuwaswisu fī ṣudūrin-nās. Mina l-jinnati wa-n-nās.

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan. Ang Hari ng sangkatauhan. Ang Diyos ng sangkatauhan. Laban sa kasamaan ng bumubulong at lumalayo (matapos bumulong). Na nagbubulong sa mga puso ng sangkatauhan. (Sila ay) Mula sa mga Jinn at Tao (na naghihikayat sa kasamaan).

4.Proteksyon sa sarili.
“Ayatul Kursiy”

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْحَىُّ ٱلْقَيُّومُ ۚ لَا تَأْخُذُهُۥ سِنَةٌ

وَلَا نَوْمٌ ۚ لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ مَن

ذَا ٱلَّذِى يَشْفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذْنِهِۦ ۚ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ

أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ ۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَىْءٍ مِّنْ

عِلْمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَ ۚ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ

وَٱلْأَرْضَ ۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفْظُهُمَا ۚ وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْعَظِيمُ ﴾

سورة البقرة آية ٢٥٥

Allāhu lā ilāha illā huwa al-ḥayyu al-qayyūm.
Lā ta’khudhuhu sinatun wa-lā nawm.
Lahu mā fī al-samāwāti wa-mā fī al-arḍ.
Man dhā alladhī yashfaʿu ʿindahu illā bi-idhnih.
Yaʿlamu mā bayna aydīhim wa-mā khalfahum,
wa-lā yuḥīṭūna bi-shay’in min ʿilmihi illā bimā shāʾ.
Wasiʿa kursiyyuhu al-samāwāti wa-l-arḍ,
wa-lā ya’ūdhu ḥifẓuhumā,
wa-huwa al-ʿaliyyu al-ʿaẓīm.

"Siya ang Allah, walang diyos na karapat- dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging-Buhay, ang Al-Qayyum (Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng Lahat atbp). Ang antok 0 idlip ay hindi makapangyayari sa Kanya. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino ba ang maaaring mamagitan sa Kanya malibang Kanyang pinahintulutan. Batid Niya ang nangyayari sa kanila (Kanyang nilikha) sa daigdig na ito at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay at hindi kailanman nila maaarok ang anumang Kaalaman Niya maliban sa anumang Kanyang naisin. Ang Kanyang Kursi (Dakilang Luklukan) ay abot ang mga kalangitan at kalupaan. At hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila.

5. Panalangin bago pumasok sa palikuran.



Uunahin kong ipasok ang kaliwang paa at sasabihing:

(بِسْمِ اللهِ) اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبُثِ والخَبَائِثِ.

Bismillāh.

Allāhumma innī aʿūdhu bika mina l-khubthi wa l-khabā’ith.

(Sa Ngalan ng Allah), nagpapakupkop ako sa Iyo O Allah, mula sa mga (masasamang espiritu ng mga) lalaki at babae.

6. Panalangin pagkatapos gamitin ang palikuran.



Uunahin kong ilabas ang kanang paa at sasabihing:

(غُفْرَانَكَ)

“Ghufrānak.”

Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran (ya Allah).

7. Panalangin bago magsagawa ng ablusyon.

(بِسْمِ اللّٰهِ)



"Bismillāh"

Sa Ngalan ng Allah.

8. Panalangin pagkatapos magsagawa ng ablusyon

(أَشْهَدُ أَن لا إِلَهَ إِلَّا اللّٰه وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ وأشهدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُه)

(اللهم اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَّابِينَ واجْعَلْنِي مِنَ المُتَطَهِّرِين)

Ashhadu an lā ilāha illā Allāh waḥdahu lā sharīka lahu, wa ashhadu anna Muḥammadān ʿabduhu wa rasūluhu.
Allāhumma ajʿalnī mina t-tawwābīn, wa ajʿalnī mina l-mutaṭahhirīn.

Ako ay sumasaksi na walang karapat- dapat sambahin maliban sa Allah ng nag- iisa at walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo.
O Allah, gawin akong (kasama) mula sa mga (taong) nanumbalik sa Iyo at malimit maghingi ng kapatawaran (sa Iyo) at gawin akong (kasama) sa mga nananatiling malinis at dalisay.

9.Mga Dhikr Pagkatapos ng Salah (Pagdarasal).

(أَسْتَغْفِرُ اللّٰهَ) 3X

(اللَّهُمَّ أَنتَ السَّلامُ وَمِنكَ السَّلامُ تَبَارَكْتَ يَا ذَا الجَلالِ والإِكْرَام).

سُبْحَانَ اللّٰه 33X – الحَمْدُ لِلّٰه 33X– اللّٰهُ أَكْبَر 33X.

لا إِلَهَ إِلَّا اللّٰهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Astaghfirullāh (3X)

Allāhumma anta s-salāmu wa minka s-salām, tabārakta yā dhal-jalāli wa l-ikrām.

Subḥānallāh (33X) – Al-ḥamdu lillāh (33X) – Allāhu akbar (33X)

Lā ilāha illā Allāhū waḥdahu lā sharīka lahu, lahu l-mulku wa lahu l-ḥamdu, wa huwa ʿalā kulli shay'in qadīr.

Patawarin Mo ako, ya Allah (3x), Ya Allah, Ikaw ang Kapayapaan at sa Iyo nanggaling ang kapayapaan, Ikaw ang pinagpala at Ang (May Hawak ng) Kamahalan at Kapurihan.

Kaluwalhatian sa Allah, Ang lahat ng Pagpupuri ay para sa Allah at ang Allah ang Dakila (33 beses).

Walang (diyos na) karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, at walang pagtatambal. Sa Kanya ang Pagmamay-ari ng Kamahalan at Kapurihan at Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay.

10. Panalangin kapag maghuhubad ng damit.



(بِسْمِ اللّٰهِ)

"Bismillāh"

Sa Ngalan ng Allah.

11. Panalangin pagkasuot ng damit.

(الحَمْدُ لِلّٰهِ الَّذِي كَسَانِي هَذَا الثَّوبَ ورَزَقَنِيهِ
مِن غَيْرِ حَولٍ مِنِّي ولا قُوَّة)

Al-ḥamdu lillāhi alladhī kasānī hādhā t-thawba wa razaqanīhi min ghayri ḥawlin minnī wa lā quwwah.

Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, dinamitan ako (ng damit na ito) at inihanda para sa akin sa kadahilanang ako ay walang kakayahan at sariling lakas.



12. Panalangin bago kumain.

(بسم الله)



"Bismillāh"

"Sa ngalan ni Allah."

13. Panalangin pagkatapos kumain.

(الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنِي هَذَا، وَرَزَقَنِيهِ،
مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلَا قُوَّةٍ)

Al-ḥamdu lillāhi alladhī aṭʿamanī hādhā,
wa razaqanīhi, min ghayri ḥawlin minnī
wa lā quwwah.

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, na Siyang nagbigay sa akin ng pagkain na ito at tustusan ako nito gayunpamang ako'y walang sariling lakas upang ito ay gawin at ni sarili kong kapangyarihan ay wala.

14. Panalangin kapag aalis ng bahay.



(بِسْمِ اللّٰهِ تَوَكَّلْتُ عَلَى اللّٰهِ ولا حَولَ وَلا قُوَّةَ إِلا بِاللّٰهِ)

Bismillāhi tawakkaltu ʿalā Allāh, wa lā ḥawla wa lā quwwata illā billāh.

"Sa Ngalan ng Allah, ipinaubaya ko ang pananalig sa Allah. Walang lakas at kapangyarihan maliban sa Allah."

15. Panalangin kapag sasakay ng sasakyan.


بِسْمِ اللّٰهِ ، والحمد للّٰه ، سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنا هَذا وما كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ وإِنَّا إِلى رَبِّنا لَمُنْقَلِبون.



Bismillāh, wal-ḥamdu lillāh, subḥān alladhī sakhkhara lanā hādhā wa mā kunnā lahu muqrinīn, wa innā ilā rabbinā lamunqalibūn.

Sa Ngalan ng Allah, Ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah, Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanan nasa aming Panginoon ang aming pagbabalik.

16. Kapag narinig ang mu’adhdhin (nag-aadhan).



أقول مثل ما يقول المؤذن، وعندما يقول :

حَي عَلى الصلاة حي على الفلاح

أقول: (لا حَوْلَ وَلا قُوَّةَ إِلَّا بِاللّٰه).

Uulitin ko ang sasabihin ng mu’addhin, at kapag sinabi niya: Ḥayya ʿalā ṣ-ṣalāh, ḥayya ʿalā l-falāḥ.
Sasabihin ko naman: (lā ḥawla wa lā quwwata illā billāh)
(Walang kapangyarihan at lakas maliban sa (tulong ng) Allah).

17. Panalangin pagkatapos ng Adhan.



(رَضِيتُ بِاللهِ رَبًّا وبِمُحَمَّدٍ رَسُولاً وبالإسلامِ دِينا)

اللَّهُمَّ رَبَّ هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ وَالصَّلَاةِ القَائِمَةِ آتِ مُحَمَّدًا الوَسِيلَةَ والفضيلة وابعثه مقاما مَحمُودًا الَّذِي وَعَدتَهُ)

Raḍītu billāhi rabbāan wa bi-Muḥammadīn rasūlan wa bil-islāmi dīnā.

Allāhumma rabba hādhihi d-daʿwati t-tāmmati wa ṣ-ṣalāti l-qā'imati, āti Muḥammadan al-wasīlata wa l-faḍīlata, wa abʿathhu maqāman maḥmūdan alladhī waʿadtahu.

Kinalulugod ko na si Allah ang (aking) Panginoon at si Muhammad bilang Sugo at Islam ang (aking) relihiyon. O Allah! Panginoon ng ganap na panawagan na ito at (Panginoon) nang (takdang oras ng) pagdarasal na isasagawa! Pagkalooban mo po si Muhammad ng karapatang mamagitan at pagkabukod-tangi at iangat siya (sa Araw ng Paghuhukom) sa pinakamabuti at pinakamataas na pook sa Paraiso na Iyong ipinangako sa kanya, (katotohanan, Ikaw ay hindi tumatanggi sa Iyong mga pangako).

18. Panalangin kapag papasok sa masjid.



(اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ)

Allāhumma iftaḥ lī abwāba raḥmatika.

O Allah, buksan Mo sa akin ang pintuan ng **Iyong habag (awa).**


19. Panalangin kapag lalabas ng masjid.

(اللهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ)

Allāhumma innī as'aluka min faḍlika.

O Allah, hinhiling ko ang **Iyong Kagandahang-loob.**

20. Panalangin kapag papasok o dadaan sa mga tao.




(السَّلامُ عَلَيْكُم وَرَحْمَةُ اللهِ وَبَرَكَاتُهُ)

As-salāmu ʿalaykum wa raḥmatu Allāhī wa barakātuhu.

Sumainyo nawa ang kapayapaan, awa, at pagpapala ni Allah.

21. Panalangin kapag bibisita sa may sakit.



(أَسْأَلُ **اللَّهَ** العَظِيمَ رَبَّ العَرشِ العظيم أَنْ **يَشْفِيَك**)

As’alullāha l-ʿaẓīma, rabba l-ʿarshi l-ʿaẓīm, an yashfīka.
(7 beses)

"Hinihiling ko sa Makapangyarihang Allah, Panginoon ng Dakilang Luklukan na ikaw ay Kanyang pagalingin."

22. Kapag nakaramdam ng sakit sa katawan.



(بسم الله) 3 مرات .. أَعُوذُ بالله وقُدرَتِهِ مِن شَرِّ ما أَجِدُ وأُحَاذِرُ) 7 مرات

Ilagay ang palad sa masakit na bahagi ng katawan, at sabihin ng tatlong beses ang: **Bismillāh** (Sa ngalan ng Allah). Pagkatapos ay idugtong ng pitong beses ang: **"Aʿūdhu billāhi wa qudratihi min sharri mā ajidu wa uḥādhiru"**

"Ako ay nagpapakupkop sa Allah at sa Kanyang Kapangyarihan mula sa anumang kasamaang aking natagpuan at laban sa aking mga pinag-iingatan."

23.Kapag may bumahing.



إذا عطس أحد أمامي فقال:

(الحَمْدُ لِلّٰهِ) أقول له: (يَرحَمُكَ اللّٰه)

فيقول لي: (يَهْدِيكُمُ اللّٰهُ ويُصْلِحُ بَالَكُم).

Kapag may bumahin sa harapan ko at sinabing: **ALHAMDULILLĀH** (Ang lahat ng papuri ay para kay Allah) sasabihin ko sa kanya: **YARHAMUKALLĀH** (Kaawaan ka nawa ni Allah). At siya ay tutugon: **YAHDĪKUMULLĀH Wa YUṢLIHU BĀLAKUM** (Patnubayan nawa kayo ni Allah at ayusin ang inyong kalagayan).

24 . Panalangin sa pagtitipon para sa paghingi kapatawaran kung may nasabing hindi maganda (Kaffaratul Majlis).



(سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ إِلَيْكَ)

Subḥānaka llāhumma wa biḥamdika, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa atūbu ilayka.


Kaluwalhatian sa Iyo, O Allah! at ang pagpupuri ay para sa Iyo. Ako ay sumasaksi na walang (diyos na) karapat- dapat sambahin maliban sa Iyo. Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at ako'y nagsisisi sa Iyo.

25 .Kapag nakakaramdam ng takot o pagkagulat.

(لَا إِلَهَ إِلَّا اللّٰه)

Lā ilāha illā llāh.

Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah.



26 .Panalangin para sa pagpasok sa palengke.

(لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، يُحْيِي وَيُمِيتُ، وَهُوَ حَيٌّ لَا يَمُوتُ، بِيَدِهِ الْخَيْرُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ)

Lā ilāha illā llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu l-mulku walahu l-ḥamdu, yuḥyī wa yumītu,
wa huwa ḥayyul lā yamūtu, biyadihi l-khayru,
wa huwa ʿalā kulli shay’in qadīr.

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng Nag-iisa, walang katambal. Sa Kanya ang Pagmamay-ari ng lahat at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan. Pinangyayari Niya ang buhay at pinangyayari Niya ang kamatayan at Siya ay Buhay at hindi namamatay. Sa Kanyang mga kamay (tanganan) ang lahat ng mabuti at Siya'y may kakayahan sa lahat ng bagay.

27 .Kapag nakakita ng isang tinamaan ng pagsubok.

(الحمدُ للّٰهِ الَّذِي عَافَانِي مِمَّا ابْتَلَاكَ بِهِ
وَفَضَّلَنِي عَلَى كَثِيرٍ مِمَّنْ خَلَقَ تَفْضِيلاً)

Al-ḥamdu lillāhi lladhī ʿāfānī mimmā ibtalāka bihi, wa faḍḍalanī ʿalā kathīrin mimman khalaqa tafḍīlā.

“Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, na Siyang nagligtas sa akin mula sa mga pagsubok na iyong dinaranas at binigyan ako ng labis na pagtangkilik ayon sa dinami-dami Niyang mga nilikha.”



28 .Ang panalangin kapag may dumating na pangyayaring makapagbibigay ng kasiyahan.

(الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي بِنِعْمَتِهِ تَتِمُّ الصَّالِحَاتِ)

Al-ḥamdu lillāhi lladhī biniʿmatihi tatimmu ṣ-ṣāliḥāt.

“Ang papuri ay para sa Allah at dahil sa Kanyang pagpapala ay naging ganap ang mga mabubuting bagay.”



29 . Panalangin kapag may dumating na hindi magandang pangyayari na maaring magdulot ng kawalang-kasiyahan.

(الْحَمْدُ لِلَّهِ عَلَى كُلِّ حَالٍ)

Al-ḥamdu lillāhi ʿalā kulli ḥālin.

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah sa lahat ng pangyayari.



30. Panalangin para sa gumawa ng kabutihan sa iyo.



(جَزَاكَ اللهُ خَيرًا)

Jazākallāhu khayran.

Nawa’y gantimpalaan ka ng Allah ng kabutihan.

31. Panalangin kapag may nawala.

(اللَّهُمَّ رَادَّ الضَّالَّةِ، وَهَادِي الضَّلَالَةِ، أَنْتَ
تَهْدِي مِنَ الضَّلَالَةِ، ارْدُدْ عَلَيَّ ضَالَّتِي بِعِزَّتِكَ
وَسُلْطَانِكَ، فَإِنَّهَا مِنْ عَطَائِكَ وَفَضْلِكَ)

Allāhumma rādda ḍ-ḍāllati, wa hādī ḍ-ḍalālati,
anta tahdī mina ḍ-ḍalālati,
urdud ʿalayya ḍāllatī biʿizzatika wa sulṭānika,
fa-innahā min ʿaṭāʾika wa faḍlika.

O Allah, Ikaw ang Tagapagbalik ng nawawala, Ikaw ang Tagapagpatnubay ng naliligaw, Ikaw ang umaakay mula sa pagkaligaw. Ibalik Nyo po ang nawala sa akin sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan at pamamahala.

32. Panalangin ng sinumang naging mahirap sa kanya ang isang pangyayari.

(اللَّهُمَّ لَا سَهْلَ إِلا مَا جَعَلْتَهُ سَهْلًا وَأَنْتَ تَجْعَلُ الْحَزْنَ إِذَا شِئْتَ سَهْلاً)

Allāhumma lā sahlā illā mā jaʿaltahu sahlā, wa anta tajʿalu l-ḥazna idhā shi’ta sahlā.

"O Allah! Walang (makapagbibigay ng) kaluwagan maliban sa kaluwagang ipagkakaloob Mo at pinangyayari mong magaan ang isang mabigat (o mahirap na bagay) kung ito'y lyong naisin.

33. Panalangin para sa paglalakbay.

اللّٰه أكبر، اللّٰهُ أَكْبَرُ، اللّٰهُ أَكْبَرُ، ((سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنْقَلِبُوْنَ ((اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْأَلُكَ فِي سَفَرِنَا هَذَا الْبِرَّوَالتَّقْوَى، وَمِنَ العَمَلِ مَا تَرْضَى اللَّهُمَّ هَوِّنْ عَلَيْنَا سَفَرَنَا هَذَا وَاطْوِ عَنَّا بُعْدَهُ، اللهُمَّ أَنْتَ الصَّاحِبُ فِي السَّفَرِ، وَالْخَلِيفَةُ فِي الأَهْلِ اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوْذُ بِكَ مِنْ وَعَثَاءِ السَّفَرِ، وَكَآبَةِ الْمَنْظَرِ، وَسُوءِ الْمُنْقَلَبِ فِي الْمَالِ وَالْأَهْلِ))

Allāhu akbar, Allāhu akbar, Allāhu akbar.
Subḥāna lladhī sakhkhara lanā hādhā, wa mā kunnā lahu muqrinīn, wa innā ilā rabbinā lamunqalibūn.
Allāhumma innā nas’aluka fī safarinā hādhā l-birra wa t-taqwā, wa mina l-ʿamali mā tarḍā.
Allāhumma hawwin ʿalaynā safaranā hādhā, wa ṭwi ʿannā buʿdahu.
Allāhumma anta ṣ-ṣāḥibu fī s-safar, wa l-khalīfatu fī l-ahl.
Allāhumma innī aʿūdhu bika min waʿthā’i s-safar, wa ka’ābati l-manẓar, wa sū’i l-munqalabi fī l-māli wa l-ahl.

Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila. Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanan nasa aming Panginoon ang aming pagbabalik. O Allah! hinihiling namin sa Iyo ang kabutihan at kabanalan ng paglalakbay namin na ito, at sa mga gawaing makapagbibigay sa Iyo ng kasiyahan. O Allah! pagaanin sa amin ang paglalakbay na ito at gawing magaan para sa amin ang layo (ng paglalakbay) nito. O Allah! Ikaw ang kasama namin sa daan at Tagapag-alaga sa aming pamilya. O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kahirapan ng paglalakbay na ito at sa mga paninging hindi maganda sa aking mga iniwan at sa mga kasamaan ng aking pagbabalik sa aking mga ari-arian at pamilya."

34. Panalangin para sa pagbabalik mula sa paglalakbay.

يقول الدعاء السابق ويزيد:

((آيبون، تائبون، عابِدُونَ، لِرَبِّنَا حَامِدُونَ))

At sa pagbabalik ay banggitin ulit ang panalangin para sa paglalakbay at idagdag ito: **"Āyibūn, tā'ibūn, ʿābidūn, li-rabbinā ḥāmidūn."**

(Kami ay bumabalik ng nagsisisi (sa aming Panginoon), sinasamba (ang aming Panginoon) at pinupuri ang aming Panginoon).

35. Panalangin kapag nakakita ng bagong buwan.



(اللّٰه أكبر .. اللَّهُمَّ أَهِلَّهُ عَلَيْنَا بِالأَمنِ والإيمان والسَّلامَةِ والإسلام والتوفيق لما تُحِبُّ ربَّنا وتَرضَى رَبُّنَا وَرَبُّكَ اللّٰه)

Allāhu akbar ..
Allāhumma ahillahu ʿalaynā bil-amni wa l-īmān, wa s-salāmati wa l-islām, wa t-tawfīqi limā tuḥibbu rabbunā wa tarḍā, rabbunā wa rabbukallāh.

"Ang Allah ay Dakila. O Allah! gawin para sa amin ang (pagsapit ng) bagong buwan na katiwasayan at Paniniwala, kapayapaan at Islam na ito ay umaayon sa minamahal ng aming Panginoon at makapagbibigay sa Kanya ng kasiyahan. Ang aming Panginoon at ang inyong Panginoon ay ang Allah."

36. Panalangin kapag nakarinig ng kulog.



(سُبْحانَ الَّذِي يُسَبِّحُ الرَّعدُ بحمدِهِ
والملائِكَةُ من خِيفَتِهِ)

Subḥāna lladhī yusabbiḥu r-raʿdu biḥamdih,
wa l-malā’ikatu min khīfatih.

“Kaluwalhatian sa Kanya na Siyang niluluwalhati ng kulog at mga anghel sa kadahilanang pagkatakot sa Kanya."

37. Panalangin kapag umulan.



(اللَّهُمَّ صَيِّبًا نَافِعًا)

Allāhumma ṣayyiban nāfiʿan.

“O Allah, gawin Mo nawa itong ulan na kapaki-pakinabang.”

38. Panalangin pagkatapos ng ulan.

(مُطِرْنَا بِفَضْلِ اللّٰهِ وَرَحْمَتِهِ)

Muṭirnā bi-faḍli llāhi wa raḥmatih.

"Kami'y binigyan ng ulan ayon sa biyaya ng ALLAH at (Kanyang) awa."

39. Ang panalangin kapag nakarinig ng tilaok ng manok.




إِذَا سَمِعْتُمْ صِيَاحَ الدِّيكَةِ فَاسْأَلُوا اللَّهَ مِنْ فَضْلِه، فَإِنَّهَا رَأَتْ مَلَكًا.

Kapag narinig nyo ang tilaok ng manok ay hilingin ang pabor ng Allah dahil katunayan ito’y nakakita ng Anghel.

40. Panalangin kapag narinig ang kahol ng aso at hiyaw ng asno sa gabi.

إِذَا سَمِعْتُمْ نُبَاحَ الْكِلَابِ وَنَهِيقَ الْحَمِيرِ بِاللَّيْلِ فَتَعَوَّذُوا بِاللَّهِ مِنْهُنَّ فَإِنَّهُنَّ يَرَيْنَ مَا لَا تَرَوْنَ.

Kapag narinig nyo ang kahol ng aso at iyak ng asno sa gabi ay magpakupkop sa Allah mula sa kanila, dahil tiyak mayroon silang nakikita na hindi nyo nakikita.



41. Panalangin kapag papasok sa bahay.

(بِسْمِ اللَّهِ وَلَجْنَا وَبِسْمِ اللَّهِ خَرَجْنَا وَعَلَى رَبِّنَا تَوَكَّلْنَا)



Bismillāhi walajnā, wa-bismi llāhi kharajnā, wa-ʿalā rabbinā tawakkalnā.

Sa Ngalan ng Allah kami ay pumasok at sa Ngalan ng Allah kami ay umalis, at sa aming Panginoon kami'y nananalig (at pagkatapos ay banggitin ang Assalamu Alaikum sa lahat ng naroroon).

42. Ang paggunita sa hapon.



(اللَّهُمَّ بِكَ أَمْسَيْنا وَبِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ نُحيَا وَبِكَ نَمُوتُ وإِلَيْكَ المَصِير)

Allāhumma bika amsaynā, wa bika aṣbaḥnā, wa bika nahyā, wa bika namūtū, wa ilayka al-maṣīr.

O Allah ipinarating Mo sa amin ang katapusan ng araw kasingtulad ng iparating Mo sa amin ang umpisa nito. Binigyan Mo kami ng buhay at bibigyan Mo rin kami ng kamatayan at nasa sa lyo ang aming kahihinatnan.

43. Kapag naghikab.



أَرُدُّهُ مَا اسْتَطَعت.

Pipigilan ko ito hangga’t kaya ko.

44. Mga panalangin bago matulog.



أنام على الجنب الأيمن وأقول:

(بِاسْمِكَ اللَّهُمَّ أَمُوتُ وَأَحْيَا)

ثم أقرأ المعوذات (الإخلاص، الفلق، الناس) 3 مرات

ثُم أمسح بهما ما استطعت من جَسَدي، وأقرأ آية الكرسي.

Hihiga ako sa aking kanang tagiliran at sasabihing:

“Bismika Allāhumma amūtu wa aḥyā”

(Sa Iyong pangalan, O Allah ako’y mamamatay at mabubuhay.)

At pagkatapos ay babasahin ko ang al-mu’awwidhat (Ikhlas, Falaq, Nās) sa aking mga palad ng 3 beses.

Saka ko silang ihahaplos sa buong katawan hangga’t aking makakaya. At babasahin ko rin ang Ayat al-Kursiy.

Panalangin.

﴿ رَبِّ أَوزِعني أَن أَشكُرَ نِعمَتَكَ الَّتي أَنعَمتَ عَلَيَّ وَعَلى والِدَيَّ وَأَن أَعمَلَ صالِحًا تَرضاهُ وَأَدخِلني بِرَحمَتِكَ في عِبادِكَ الصّالِحينَ ﴾
[النمل: ١٩]

“Aking Panginoon, igawad Mo po sa akin [ang kakayahang] magpasalamat sa mga pagpapalang iginawad Mo sa akin at sa aking mga magulang, at [ang kakayahang] makagawa ng mga gawaing matuwid na Iyong ikasisiya. At tanggapin Mo po ako sa pamamagitan ng Iyong habag sa [hanay ng] Iyong mga aliping matuwid [sa Paraiso].”

An-Naml | Surah 27 verse 19

Mga Pinagkunan:



- **Hisnul Muslim ni Sa‘id bin ‘Ali bin Wahf Al-Qahtani.**
- **Hisnul Muslim (Tagalog) salin ni Abdulkhaliq Sharif Saripada.**
- **Hisnul Tifl al-Muslim (Rawduzzuhur Assaifiy).**

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

Makisama sa aming munting pamayanan online! Para sa dagdag na kaalaman, paalala, at mga kwentong kapupulutan ng aral, bisitahin at i-follow ang aming pahina sa facebook:

“Batang Muslim PH”

Isang pahina na nagbabahagi ng mga adhkar, kwento, at simpleng gabay mula sa Qur’an at Sunnah, pati na rin ng mga pang-Islamikong kaalaman para sa mga kabataan. Layunin nitong maging inspirasyon at katuwang ng mga batang Muslim (at kanilang mga magulang) sa paghubog ng pananampalataya at mabuting asal.

I-click lamang ito, o i-scan ang QR code upang mapuntahan ang page.

SCAN ME

Ang maliit na aklat na ito ay idinisenyo at inihanda ng Albadr Female Center sa ilalim ng pangangasiwa ng Human Development Foundation Inc.

albadrfemalecenter@gmail.com

+639685482804